



دار زايد للثقافة الإسلامية
Zayed House For Islamic Culture

Pagsusuri sa Sarili



zhic.uae @zhic_uae zhic_uae zhic

800 555



اتصل على
JUST CALL

P.O Box: 16090, Al Ain, U.A.E
www.zhic.ae contact@abudhabi.ae

Katotohanang napakarami ng mga kaparaanan ng pagsubaybay at pagsusuri, ngunit ang pinaka-epektibong paraan mula sa mga ito, ay ang pagsusuri at pagsubaybay sa sarili. Ang pagsusuri sa sarili ay hindi lamang nagpapataas sa kalidad ng trabaho, ngunit sa pamamagitan nito ay nagiging isang huwaran ang tao para sa iba.

Ang pagsusuri sa sarili ay may kaugnayan sa pundasyong pang-edukasyon ng isang tao. Ito ay sumasalamin sa uri ng kultura at kaugalian ng isang lipunan. Ang konsepto ng pagsusuri sa sarili ay nauugnay sa pag-uugali ng tao, batay sa pisikal at moral na mga sangkap nito. Ang mga sangkap na pisikal ay maaaring sa pamamagitan ng pagbibigay ng gantimpala at mabuting paghikayat, o di kaya ay mga kasangkapan o dokumentong gamit sa pagsusuri sa sarili. Gaano man karami at kakumplikado ang iba't-ibang uri ng mga pagsusuri sa larangan ng pangangasiwa, ay makakakita pa rin ang tao ng kaparaanang aangkop sa kanya. Habang ang mga moral na sangkap naman ay siyang tunay na pundasyon ng pagsusuri sa sarili. Sapagkat kapag ang isang tao ay nagtataglay na nito, ay hindi na niya kailangan pang bantayan o subaybayan ng iba, dahilan upang siya'y igalang at pahalagahan. Ito rin ay aakay sa kanya tungo sa mabuting gawain at katapatan sa bayan.

Ang mga sangkap ng pagsusuri sa ganitong kahulugan ay umiikot sa muling pagbuhay ng konsensiya, pagiging responsable, pagtupad sa pangako at katapatan. Sa katunayan, ang pagsusuri sa sarili ay personal na desisyon, at ito ay katangi-tangi at walang-katulad na katangian ng tao kung ihahambing sa iba pang mga nilikha. Ang tao ay mayroong kakayahang mamili, magdesisyon at kakayahang panagutan ito, habang ang iba pang mga nilikha ay sunud-sunuran lamang at walang pananagutan. Ang palamuti ng lahat ng tao ay ang mabuting kahihinatnan ng kanyang mga desisyon, dahilan upang siya ay igalang sa mundo at pararangalan sa kabilang-buhay.

Ang pinakamahalagang pundasyon ng pagsusuri sa sarili ay ang ang pagmamahal sa gawain o trabaho at katapatan dito. Ang kakulangan ng pagsusuri sa sarili ay palatandaan ng kawalan o di-pagmamahal sa gawain, at kahinaan ng katapatan sa puso. Ang pangangalaga sa kalidad ng trabaho ay nagpapatibay din ng pagsusuri sa sarili, kung saan pinagbubuti ng tao ang kanyang gawain, kahit na walang panlabas na pagsubaybay.

Bilang karagdagan, ang pananampalataya ng tao sa Allah ay gagabay sa kanya tungo sa propesyonal na gawain at integridad sa trabaho, gaano man kalaki at karami ang kinakaharap ng mga hamon. Ang isang “mu'min”-o mananampalataya ay nakakaunawa sa pagsubaybay ng Allah bago pa man niya maramdaman ang pagsubaybay ng ibang tao at ng batas sa kanya. Ang kahulugang ito ay ating makikita sa banal na Koran, sinabi ng Allah: **“O’ kanila bang iniisip na hindi Namin naririnig ang kanilang lihim at ang kanilang mga pag-uusap? Katiyakang Aming nalalaman, at ang Aming mga Mensaherong mga Anghel ay nagtatala nito.”**¹

Sa ganitong konteksto, ang kawalan ng pagpapahalaga, kakulangan ng makatarungang pisikal na pagganyak, at di-balanseng pakikitungo ng lipunan, ay maaaring maging balakid sa kalidad ng

¹ -Surah Zukhruf :80

trabaho at dedikasyon ng isang tao. Gayunpaman, ang pagsusuri sa sarili na nagmumula mismo sa konsensiyang-buhay ng isang tao ay tumitiyak na ang mga hamong ito ay mapagtatagumpayan gaano man karami o kabigat.

Ang lipunan ng tao ay di-kailanman aabot sa perpektong antas sa pang araw-araw na kalakaran. Gayunpaman, ang pagpapaunlad ng pagsusuri sa sarili at pagpapahalaga rito mula pa pagkabata ay makakatulong sa pagpapabuti ng propesyonal na trabaho at pagpapagaan sa mga pasanin sa pananalapi at administratibo na kinakailangan upang maitatag at mabuo ang mga sistema ng pagsubaybay at pagsusuri sa loob ng trabaho. Kaya't dapat lamang na simulan ng isang tao ang pagsusuri sa sarili niya bago ang iba, katotohanang pananagutan ng bawat tao ang lahat ng kanyang mga nagawa.